Philippine Biblical Worldview Institute
Certificate in Christian Ministries

Lifestyle Discipleship ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

LD102. Bible Power

Turuan ang alagad tungkol sa Bibliya

Kung ang prayer ang tubig ng kaluluwa, ang Bibliya naman ang pagkain nito. Matapos turuan ang bagong alagad kung paano manalangin ng tama, ipakilala naman siya sa Bibliya. Bahagi ng Great Commission ang pagtuturo ng lahat na ipinag-uutos ni Cristo. Isa lamang ang pinanggagalingan ng mga kautusang ito – ang Bibliya. Kaya mahalaga na tayo ay mag-aral at nang sa ganoon ay makapagturo ng Salita ng Diyos.

Ayon sa Panginoong Jesus, ang lahat ng mga kautusan ng Diyos ay maisasabuod sa isang utos: *Mahalin mo ang Diyos ng buong puso, buong kaluluwa, buong isip at buong lakas* (Mark 12:30). Ang tanong ay ito: Paano mo mamahalin ang Diyos na hindi mo kilala? At paano mo makikilala ang Diyos kung hindi ka tuturuan tungkol sa Kanyang kalikasan, mga katangian, kalooban at layunin? At paano makapagtuturo ang isang guro kung wala naman siyang nalalaman? At paano siya magiging maalam kung hindi siya mag-aaral? Kaya nga, mahalaga na makilala muna natin ang Diyos bago natin siya kusang-loob na mahalin ng tunay. Kailangan tayong mag-aral ng Kanyang Salita.

Ang pag-aaral ng Bibliya ay nagsisimula sa pagbabasa. Basa. Basa. Basa. Kapag nakahiligan na ang pagbabasa araw-araw, o gabi-gabi, o araw at gabi, susunod na dito ang pagbubulay-bulay ng nabasang mga talata. Reading tapos meditation. Sa meditation part, inuusisa natin ang ating sarili kung nauunawaan ba natin ang ating nabasa? Kung hindi maliwanag, dapat na pag-isipan. Huwag magmamadali sa pagbabasa. Again, kung hindi maliwanag, pag-isipan. Isip. Isip. Isip.

Ang lahat ng bagay na itinuturo ng Bibliya ay hindi natin matututuhan ibuhos man natin ang ating buong buhay. Subalit mayroong sapat na karunungan na makapagsisilbing gabay upang ating maunawaan ang kahulugan ng buhay. Ating pag-isipan at himay-himayin ang mga sumusunod:

a) Ang Bibliya ay Salita ng Diyos. Sinasabi sa 2 Timothy na *lahat ng Scriptura ay hininga ng Diyos at kapaki-pakinabang para sa pagtuturo, pagbatikos, pagtatama at pagsasanay sa katuwiran upang ang taong makadiyos ay maging ganap sa paggawa ng kabutihan.* Ang sinasabi naman sa 2 Peter 1:20-21 na *dapat nating maunawaan na walang propesiya ng Scriptura na nanggaling lamang sa interpretasyon ng propeta. Sapagkat ang propesiya ay hindi kailanman nagmula sa kalooban ng tao, ngunit mga taong nagsalita para sa Diyos habang sila ay akbay ng Banal na Espiritu.*

b) Dahil sa ang Bibliya ay salita ng Diyos, <u>ito ay may awtoridad</u>. Dahil ito ay may awtoridad, ito ay walang taglay na kamalian sa kanyang original na pagkakasulat. Ang tinatawag na *variants* o tila kulang sa kalinawan ay hindi sapat na mabago ang alin mang bahagi ng kabuuan. Ang mga ito ay nangyari sa proseso ng pagsusulat ng copya ng mga *manuscripts*.

c) Sinasabi sa Psalm 119:105 na ang salita ng Diyos ay lampara sa aking paa at ilaw sa aking daraanan. Samakatuwid, ang Bibliya ang mag-aakay sa atin sa kadiliman upang tayo ay hindi madapa o maligaw sa ating dinaraanan. Ito ang mag-aahon sa atin mula sa kamang-mangan tungo sa karunungan. Ito ay malinaw; ito ay mauunawaan.

d) Ang Bibliya ay aklat ng katotohanan tungkol sa kalikasan at kalooban ng Diyos at kalikasan at layunin ng Kanyang nilikha. Ito ay kinakailangan lalong-lalo na sa taglay nitong gabay sa buhay -- sa pagtukoy kung ano ang totoo, mabuti at tama. Ito ang nagbibigay ng kabuuan sa lahat ng iba't ibang bahagi ng buhay at sangnilikha.

e) Ang sabi ni John sa kanyang gospel ay *marami pang ginawang mga milagro ang Panginoong Jesus na nasaksihan ng Kanyang mga alagad maliban sa taglay ng kanyang sinulat na aklat. Subalit ang dahilan ng pagbuo nito ay upang tayo ay maniwala na si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng pananalig tayo ay magkaroon ng buhay sa Kanyang pangalan* (John 20:30-31). Samakatuwid, ang Bibliya ay sapat para sa isang matagumpay at masaganang pamumuhay na nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos.

f) Ang Bibliya ay may 66 books na nahahati sa dalawang bahagi: Lumang Tipan (39 books) at Bagong Tipan (27 books).

Ang Old Testament ay nahahati sa tatlong bahagi:

- Mga Aklat ng Historia
  - Mga Simulain (Genesis)
  - Ang Hinirang na Bayan ng Diyos (Exodus, Leviticus)
  - Tungo sa Pangakong Lupain (Numbers, Deuteronomy)
  - Pagsakop ng Pangakong Lupain (Joshua, Judges, Ruth)
  - Ang Nagkakaisa at Ang Nahating Kaharian (1 at 2 Samuel, 1 at 2 Kings, 1 at 2 Chronicles)
  - Ang Panahon ng Deportasyon (Ezra, Nehemiah, Esther)
- Mga Aklat ng Karunungan (Job, Psalms, Proverbs, Ecclesiastes, Song of Solomon)
- Mga Aklat ng Mga Propeta (Isaiah, Jeremiah, Lamentations, Ezekiel, Daniel, Hosea, Joel, Amos, Obadiah, Jonah, Micah, Nahum, Habbakuk, Zephaniah, Haggai, Zechariah, Malachi)

Ang New Testament naman ay nahahati sa apat na bahagi:

- Gospels (Matthew, Mark, Luke, John)
- Ang Paglaganap ng Ebanghelyo (Acts)
- Mga Sulat (Romans, 1 at 2 Corinthians, Galatians, Ephesians, Philippians, Colossians, 1 at 2 Thessalonians, 1 at 2 Timothy, Titus, Philemon, Hebrews, James
  1 at 2 Peter, 1, 2 at 3 John, Jude)
- Revelation

I. Multiple Choice

1. Bahagi ng Great Commission ang utos na ituro ang lahat ng ipinag-uutos
   a. ni Cristo
   b. ng mga magulang
   c. ng mga pastor

2. Ang lahat ng kautusan ay maisasabuod sa isang utos: Mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.
   a. True
   b. False

3. Ang Scriptura ay kapaki-pakinabang maliban sa
   a. Pagtuturo
   b. Pagtatama
   c. Pagdedebate
   d. Pagsasanay

4. Ang propesiya ay nanggaling lamang sa interpretasyon ng
   a. Propeta
   b. Tao
   c. None of the above

5. Ang Bibliya na salita ng Diyos ay
   a. May awtoridad
   b. Walang taglay na kamalian
   c. All of the above

6. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang Bibliya ay mag-aakay sa atin sa kadiliman upang tayo ay madapa.
   b. Ang Bibliya ang mag-aahon sa atin mula sa kamang-mangan.
   c. Ang Bibliya ay malinaw at mauunawaan.
   d. None of the above

7. Alin sa mga pangungusap ang tama?
   a. Ang Bibliya ay nagtataglay ng katotohanan tungkol sa kalikasan ng Diyos.
   b. Ang Bibliya ay nagtataglay ng mga gabay sa buhay.
   c. All of the above

8. Ang Bibliya ay may 66 books. 38 sa Lumang Tipan at 28 sa Bagong Tipan
   a. True
   b. False

9. Isinulat ang mga himalang ginawa ni Jesus upang ang tao ay sumampalataya na si Jesus ang Cristo na Anak ng Diyos.
   a. True
   b. False

10. Ang mga aklat ng Gospels ay naglalaman ng kapanganakan ni Jesus, ang Kanyang ministeryo, Kanyang kamatayan, at Kanyang pagka-buhay muli.
    a. True
    b. False

11. Ang sabi sa Psalm 119:105 ay ang salita ng Diyos ay ilaw sa aking mga paa at lampara sa aking daraanan.
    a. True
    b. False

12. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang aklat ni John ay naisulat upang tayo ay maniwala na si Jesus ang Mesias na Anak ng Diyos.
    b. Ang aklat ni John ay naisulat upang maikuwento niya ang kanyang buhay.
    c. Ang aklat ni John ay naisulat upang malaman natin na ang mga nananalig kay Jesus ay magkakaroon ng buhay.

13. Ayon sa John 20:31, sa pamamagitan ng pananalig kay Jesus, tayo ay magkakaroon ng
    a. Kasiyahan kay Cristo
    b. Buhay sa Kanyang pangalan
    c. None of the above

14. Ang creation ay mababasa natin sa aklat ng
    a. Exodus
    b. Matthew
    c. Genesis

15. Ang New Testament ay nahahati sa apat na bahagi:
    a. Gospels, paglaganap ng Ebanghelyo, mga sulat at pagsakop sa pangakong lupain
    b. Gospels, paglaganap ng ebanghelyo, mga sulat at revelation
    c. Gospels, mga simulain, ang hinirang ng bayan ng Diyos, mga sulat

II. Essay (answer in 250 words each question)

1. Gumawa ng isang prayer na taglay ang limang bahagi ng panalangin ayon sa pattern na ibinigay ng Panginoong Jesus.

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.